IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

# Alamat Ng MGA Baranggay sa Bayan NG MAINIT Bilang Kagamitang Pampagtuturo NG Asignaturang Filipino sa Elementarya

**Perocho, Annabel C., Escultor, Gemma R.**

Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract**: *Sa pag-aaral na ito, tinatalakay ang alamat o pinagmulan ng mga baranggay ng Mainit. Nilalayon ng pananaliksik na suriin ang mga alamat at magamit bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino ng mga mag-aaral sa elementarya. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa likas na kagandahan at kahalagahan ng mga alamat ng bawat baranggay ng Mainit, inilalapat nito ang mga konteksto ng pagtuturo sa wika at kultura at napapalalim ang pag-unawa ng mga guro at mag-aaral sa kahalagahan ng alamat bilang bahagi ng kurikulum ng Filipino. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng palarawang paraan at ng purposive at convenience sampling sa pagkuha ng mga impormante na lumad o pinakamatanda na naninirahan sa mga baranggay ng Mainit. Sa pangkalahatan, ang awtput ng pag-aaral na ito ay magagamit bilang isang kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa Elmentarya*

**Susing Salita:** Alamat, Baranggay Mainit, Kagamitang Pampagtuturo, Pagtuturo ng Filipino, Kultura

## KABANATA 1
## PANIMULA

Isa sa pinakamahalagang yaman ng kulturang Pilipino ang mga alamat ng barangay. Sa Bayan ng Mainit, ang mga alamat na ito ay hindi lamang mga kuwento kundi mga yaman ng kaalaman at karanasan ng mga nakaraang henerasyon.

Ang pagbasa sa Filipino ay isang mahalagang kasanayan na kailangang maipamahagi sa mga mag-aaral sa elementarya. Ito ay hindi lamang isang paraan ng pag-unawa at pagkakaroon ng daan sa kaalaman, kundi isang pundasyon na nagtataguyod ng mahusay na komunikasyon at pagpapahayag ng ideya. Upang matiyak ang pagkakaroon ng malalim at kritikal na pag-unawa sa wika, mahalagang maengganyo ang mga mag-aaral na magbasa ng mga akda na may malalim na kahulugan at makapulutan ng aral.

Ang alamat ay isang uri ng kuwentong bayan at panitikan na nagsasalaysay ng mga pinagmulan ng mga bagay-bagay sa mundo. Ang mga alamat ay naglalaman ng mga supernatural, kakaiba at napaka-imposibleng pangyayari. Ito ay naglalaman ng mga kuwentong nagpapahayag ng kultura at tradisyon ng bansa, at naglalaman ng mga aral na nagbibigay-galang sa ating mga pinagmulan.

Ayon sa Republic Act(RA)10533 Enhanced Basic Education Curriculum of 2013 Section 5, Item H Under Curriculum Development: " The curriculum shall be flexible enough to enable and allow schools to localize, indigenize and enhance the same based on their respective educational and social contexts."

Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga alamat ng mga barangay ng Mainit, napapalawak ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at mapalago ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa wikang pambansa. Ito rin ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang mga salitang ginagamit sa mga akdang ito nang malalim, at sa gayon ay mapalawak ang kanilang bokabolaryo. Bukod dito, ang pag-aaral ng mga alamat ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga moralidad at etika na nakapaloob sa mga kuwento sa pamamagitan ng pagbasa at pagsasalin ng mga kuwentong bayan, inaasahang magkakaroon ng pagpapahusay sa pagbasa.

Ang mga pag-aaral tungkol sa kontekstwaladong at lokalisadong kagamitang pampagtuturo ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng mga materyales na may kaugnayan sa tunay na karanasan at kalagayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto at kasanayan sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga halimbawa at sitwasyon na kaugnay sa kanilang buhay at kultura. Ang ganitong dulog ay nagpapalakas sa


DOI: 10.48175/IJARSCT-19409

pagpapahalaga at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral na nagbubunga ng mas mataas na pagpapahalaga sa edukasyon at pag-unlad sa komunidad. Ang kaguruan ay kinakailangang patuloy na pagbutihin ang kanilang propesyunal na gawain para mapanatili at makasabay sa mga napapanahong uso, metodo ng pagtuturo at teknik sa larangan ng edukasyon (Saavedra, et. al, 2022). Ayon kay Saavedra (2018), ang makabagongbteknolohiya ay naging daan sa pag-usbong ng makabagong pamamaraan sa kung paano natatamo ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaalaman at mapaunlad pa lalo ang kanilang kakayahan.

**Suring-basa ng mga Literatura**

**Alamat**

Sa kasalukuyang panahon, ang mga alamat ay isa sa mga pinakatanyag na anyo ng panitikang Filipino. Ito ay nagmula sa salitang Latin na "legundus" na nangangahulugang upang mabasa.

Ayon kay Magdalenic (2008) sa kanyang aklat na "Encyclopedia of Violence",ang alamat ay tumutukoy sa mga kultural na ekspresyon kagaya ng naratibo, biro, paniniwala, salawikain, alamat, mito, musika, sayaw, tradisyunal na kasuotan, pagkain, pagdiriwang, sa kung saan sa pamamagitan ng mga indibidwal na pangkat ay nahuhubog at pinapakalat ang isang pagkakakilanlan.

Ayon kay Edgar R. Eslit (2017), ang alamat ay karaniwang kinapapalooban ng mga himala o sumpa mula sa isang makapangyarihang nilalang. Ayon naman kina Arrogante, et al. (2004), ang alamat ay maaring kathang isip lamang o hango sa tunay na pangyayari. Naglalaman ito ng mga paksa patungkol sa pinagmulan ng isang pook, bagay, o pagkakabuo ng isang pangalan at nagsasalamin ng mga pangyayaring hindi kapani-paniwala.

Ayon kay B. Klein ng International Encyclopedia of
the Social & Behavioral Science (2001), ang alamat sa Filipino ay likha ni William John Thoms sa taong 1846 na nagmungkahi na ito ay isang "good Saxon compound" upang gamitin na panglarawan ng mga ugali, kaugalian, mga pagdiriwang, pamahiin, balad, salawikain, at ibang bagay mula sa nakaraang panahon.

Batay sa isang aral ukol sa Alamat: Ang Susi sa Kultural na Pagkakaunawaan ni Putnam (1964), napakahalaga ng pagturo sa mga guro ng importansya at tamang lokal na kultura at alamat ng mga bata kapag nalantad sila sa maagang edad ay nagkakaroon ng pagkakaunawa at pagpapahalaga sa ibang kultura at hindi lamang sa kanila, pagpapahalaga sa mga taong tagaingat ng kultura at kung paano makihalubilo sa ibang tao.

Ayon sa pag-aaral ni Loyola (2011), na may mga kuwentong bayan na karamihan ay hindi nailathala. Nasasalamin nito ang kultura, paniniwala at pagpapaliwanag kung paano nagsimula ang mga bagay-bagay maging ang mga pangalan nito. Ayon naman sa pag-aaral nina Tabinas, et al (2006), na ang kalipunan ng mga nakalap na kuwentong pasaling-dila ay may kinalaman sa kultura at kwento ng isang lugar.

Ayon kay Dinglasan (2005), ang panitikan ay maaaring pasulat o pasalita. Ayon naman kay Dundes (2005), ang kuwentong bayan ay madalas maisantabi bilang isang pangkaraniwang anyo ng kultura kahit ito ay nagmula sa iba't ibang lipunan sa mundo.

Ayon naman kay Ikromovna (2022), sa klasrum ang mga tanyag na kuwentong bayan ay napakahusay na materyal sa pagtuturo ng apat nakasanayan: pakikinig, pagbasa, pagsulat at pagsasalita. Ang paggamit ng mga kuwentong bayan tulad ng alamat ay nakapupukaw sa interes ng mga mag-aaral kaya nagiging kapaki-pakinabang ang pagkatuto.

Ayon kay Dr. Teresita Ramos (2011), napakahalaga ng pagmamahal ng Filipino sa kanyang literatura at nararapat lamanag na ipagmalaki at isaisip ng bawat estudyante ang mga ito. Dagdag pa niya na sa mga kuwentong bayan ay tunay na masasalamim ang aspektong, ispiritwal, pisikal at historikal ng isang lugar.

Ayon kay Sayeef(2019), ang katutubong panitikan ay tanyag sapagkat maraming mga tao ang madaling nakakaunawa sa mga kuwentong bayan sapagkat ito ay may payak na istilo, wika at tema.

Batay sa Wikipedi ang kuwentong-bayan (Ingles: folklore), na kung saan nabibilang ang mga alamat, ay bahagi ng isang kalinangan na binabahagi ng isang partikular na pangkat ng mga tao; sinasasaklaw nito ang mga tradisyon karaniwan sa kalinangan, subkultura, o pangkat na iyon. Kabilang dito ang tradisyong pasalita tulad ng mga salaysay, alamat, kawikaan at biro. Ayon sa webbervilleschools.org (2006), ang mga kuwentong bayan ay kategorya ng mga kuwento na kakikitaan ng mga tradisyon o paniniwala ng bawat mamamayan. Mga paniniwalang na walang siyentipikong paliwanag bagkus ay patuloy pa ring nakaukit sa nakatagong larawan.

Ayon kay Dahal at Bhatta (2021), ang mga kuwentong-bayan ay sinasabi at naririnig mula sa isang henerasyon hanggang sa ibang henerasyon nang mas pasalita kaysa sa nakasulat na anyo.

**Kasaysayan ng Alamat**

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa bansa (1300 AD), ang ating mga ninunong Ita, Aetas, Negrito o Baluga ay may mga sariling kuwentong bayan na at kabilang na dito ang mga alamat. Ang kanilang alama[illegible] ay mga paksang naglalaman ng tungkol sa mga anito.

Ayon sa mga geologo, nalikha ang mga alamat sa mula sa pandarayuhan ng mga ninuno sa iba't ibang lupain sa Asya. Ang mga alamat sa panahong ito ay nagpasaling-dila o lipat-dila lamang.

Pagdating ng mga Indones sa Pilipinas, dala nila ang kanilang kultura na nakaimpluwensiya sa panitikan ng ating mga ninuno. Nadagdadagan ito ng mga kuwento tungkol sa buhay ng mga santo, bathala at pananampalataya sa Lumikha.

Kasunod na dumating ang mga Malay na may pananampalatayang pagano. Tinuro nila sa mga ninuno ang Alibata na isang sistema ng pagsulat. Lumawak ang paglagananap ng mga kuwentong bayan sapagkat maliban sa ito ay napasaling-dila,ito ay naisatitik ng mga ninuno. Gumamit sila ng mga bagay mula sa kalikasan bilang panulat. Higit na lumaganap ang ang mga alamat sa panahong ito bunga ng pandarayuhan ng mga Intsik, Bombay, Arabe at Persyano sa bansa. Maraming mga alamat ang naisulat at naipalaganap.

Pagkatapos ng Malay, kasunod na dumating sa bansa ang mga dayuhang mananakop na mga Espanyol na naglalayong mapalawak ang kanilang mga sakop na lupain at maipalaganap ang relihiyong Kristiyanismo. Sinunog nila at ipinaanod sa ilog ang mga naisulat na mga panitikan. Natira ang mga alamat na nagpasalin-salin lamang sa bibig ng mga ninuno.

**Teorya ng Pagkakabuo ng mga Alamat**

Mula sa mga bantog na antropologo na sina Claude Levi-Strauss at Franz Boas kasama ng mga folklorist na sina Stith Thompson at Vladimir Propp, nabuo ang apat na teorya na nagpapaliwanag kung paano nabubuo at nagbabago ang mga alamat sa loob ng isang kultura. Nariyan ang *Functionalism* na nagsasabing ang mga alamat ay naglalarawan ng mga pangunahing halaga at kahalagahan ng isang lipunan. Ang pagtatala at pagpapasa-pasa ng mga alamat ay nagbibigay-daan sa mga miyembro ng lipunan na mapanatili ang kanilang kultura at pagkakakilanlan. Sa teoryang *Stucturalism*, ito ay nagbibigay-daan sa pag-aaral ng mga istruktura at ugnayan sa loob ng isang kultura. Ayon dito, ang mga alamat ay maaaring maging bahagi ng mas malawak na istruktura ng paniniwala at pag-iisip ng isang lipunan. Ang *Symbolic Anthropology* ay teoryang nagbibigay-halaga sa kahulugan ng mga simbolo at kung paano ito nagbabago sa loob ng isang kultura. Ang mga alamat ay maaaring tingman biang mga anyo ng simbolismo na nagpapahayag ng konsepto at ideya sa isang paraan na madaling maunawaan ng mga tao ssa isang lipunan. Ang Teoryang *Historical Symbolism* ng mga alamat ay nagpapakita kung paano ang mga lamat ay maaaring maging repleksyon ng kasaysayan at kultura ng isang lipunan. Ito ay nagsasaad na ang mga tauhan, pangyayari, at lugar sa alamat ay maaaring maging simbolo ng mga tunay na pangyayari sa kasaysayan ng isang lugar o kultura. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga elemento ng alamat, maaaring maunawaan ang mga halaga, tradisyon, at mga pangyayari na naging mahalaga sa kasaysayan ng isang lugar o grupo ng tao.

**Kagamitang Pampagtuturo**

Ang mga kagamitang pampagtuturo ay mahalaga sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ayon sa mga eksperto, ito ay nagpapalakas ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, nagbibigay ng iba't ibang paraan ng pagpapaliwanag, at nagtataguyod ng aktibong pagkatuto sa pamamagitan ng biswal, naririnig at kinetikong pag-aaral.

Ayon kay Orozco (2023) na kapag alam ng mga mag-aaral ang kanilang sariling konteksto sa mga gawain sa loob ng klasrum at ang mga kagamitan pampagtuturo ay may kalakip na dating kaalaman, ay nagiging mas madali ang sa mga mag-aaral ang pag-unawa.

Ayon naman kay Cabigao (2021), anuman ang husay ng mg pamamaraan at kagamitan ng guro sa pagtuturo, malaki ang ambag ng mga magulang at tahanan sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral. Napakahalaga ng mabuting samahan at ugnayan ng guro at magulang para mapaunlad ang kahusayan ng isang ma-aaral sa klase.

Ang kagamitang pampagtuturo ay mga kagamitang ginagamit ng kaguruan upang italakay ang mga paksang-aralin. Ito ay ginagmit ng guro upang magkaroon ng epektibo at makabuluhang pagkatuto ang mga mag-aaral, (Abad, 2001).

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Sinabin i Aguilar (2013), ang paglinang ng mga guro ng mga kagamitang pampagtuturo at kaniyang kasanayan ay makatutulong nang malaki sa pagtuturo.

Ayon naman kina Dumpang, Sedanza, at Caluza (2021) ang mga kagamitang pampagtuturo ay mga kasangkapang ginagamit upang turuan ang mga mag-aaral at tulungan ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto na maging mas epektibo at makabuluhan.

Ang paggamit kontekstuwalisadong mga kagamitan sa pagtuturo ay may epekto sa motibasyon at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral lalo na sa antas ng paglalapat. Gumanap nang may mas kahusayan ang mga mag-aaral na gumamit ng kontekstuwalisadong mga materyales sa klase (Panlaqui, & Tayag, 2023).

**Kahalagahan ng Kagamitang Pampagtuturo**

Ayon kay Lev Vygotsky, sa kanyang pananaliksik tungkol sa sosyo-kultural na teorya ng pagsasagawa at pag-unlad ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng mga kagamitan sa pagtuturo na nagbibigay-suporta sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pag-aaral.

Sa aklat at pananaliksik ni Jean Piaget, ito ay nagpapakita ng mahalagang papel ng mga kagamitan sa pagtuturo sa pagpapaunlad ng kognitibong kakayahan ng mga bata, lalo na sa konteksto ng konstruktibismo.

Mula naman sa mga ideya ng konseptuwal na pag-unlad at modelo ng pagtuturo ni Jerome Bruner ay nagtutok sa kahalagahan ng aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa kanilang pag-aaral, kung saan ang mga kagamitan sa pagtuturo ay ginagamit upang palakasin ang kanilang pag-unawa.

Bagaman mas kilala si Howard Garner sa kanyang teoryang *Multiple Inteligences*, ang mga kagamitan sa pampagtuturo ay ginagamit upang maipakita at pasiglahin ang ibat't ibang intelihensya sa pag-aaral.

Sinasabi ng mga eksperto at mananaliksik na ang mga kagamitang pampagtuturo ay mahalaga sapagkat ito ay nagpapalawak ng karanasan. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay maaring magdala ng mga karanasan sa labas ng silid-aralan sa loob ng klase, na nagpapalawak sa kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto ng kasanayan.Pangalawa, ito ay nagsusulong ng aktibong pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitan tulad ng multimedia presentations, *interactive modules*, at iba pang teknolohiya na naghihikayat sa mga mag-aaral na maging aktibo at sumali sa kanilang pag-aaral. Pangatlo, ito ay nagbibigay ng pagkakataon para sa personalisadong pagtuturo na kung saan ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga aktibidad at materyales na naaangkop sa mga pangangailan at kakayahan ng bawat mag-aaral. Pang-apat, ito ay nakatutulong upang mapamahalaan ang oras at mapalakas ang mga epektibong pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga organisadong aktibidad at modyul. Panlima, ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang mapanuring pag-iisip at kasanayan sa *problem-solving* sa pamamagitan ng mga aktibidad na nakatuon sa pagsusuri at paglutas ng mga problema.

**Sintesis**

Ang mga nailahad na kaugnay na literatura sa suring-basa ay nakatulong sa panaliksik na ito sa pagsusuri ng mga alamat ng mga baranggay sa bayan ng Mainit at ang awtput ng pag-aaral ay magsisilbing kagamitang pampagtuturo pagpapahusay ng mga kasanayan sa asignaturang ng Filipino sa elementarya. Nakapaloob dito ang mga kaugnay na pag-aaral na nagsilbing gabay upang maisakatuparan ang nagawang pananaliksik.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pangangalap ng mga piling alamat na nakapalibot sa mga barangay sa bayan ng Mainit. Dito nakaangkla ang pananaliksik na ito na naglalayong malaman ang mga alamat nakapalibot sa bayan ng Mainit at magamit ito bilang isang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang sa Filipino ng mga mag-aaral sa elementarya. Nilalayon din nito na palawakin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang kultura at tradisyon ghabang pinahahalagahan ang kanilang kasanayan sa pag-unawa at pagsasalita ng Filipino. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga alamat, inaasahang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika, pagpapahalaga sa sariling kultura, at pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa sining ng pagsasalaysay.

Ang paggamit ng mga alamat ng mga baranggay ng Mainit na isang kontekstuwalado at lokalisadong uri ng kagamitang pampagtuturo ay inaasahang makapagdudulot ng positibong epekto sa mga mag-aaral at sa guro sa paglinang ng mga aralin at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa pagnanais na malaman ang mga alamat ng mga barangay na nakapalibot sa Mainit at maisalin ito sa Filipino upang magamit bilang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa elementary. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nais ng mananaliksik na mabigyang kasagutan ang mga tanong na:

1. Ano- ano ang mga alamat ng mga barangay ng Mainit, Lalawigan ng Surigao del Norte?
2. Ano-ano ang tulong ng mga alamat sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa elementarya?
3. Anong mga kompetensi sa Most Essential Learning Competencies ng Kagawaran ng Edukasyon ang nalilinang sa mga mag-aaral sa elementarya gamit ang mga alamat?

## KABANATA 2
## PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay napapalooban ng mga pamamaraang ginamit ng mananalisik sa paglikom ng mga datos, at ang pag-aanalisa ng mga datos upang masagot ang mga suliranin.

**Disenyo**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng desinyong deskriptiv o palarawan sa uri ng isang panayam o interbyu. Ang paraang palarawn ay ginamit sa paglalarwan ng mga alamat upang maisiwalat ang nakatagong panitikan na mayroon ang bayan ng Mainit. Kasama ng paglalarawang ito ng bawat alamat, ang klasipikasyon at ang mga katutubong saloobin na kasama sa alamat.

Sa paglikom ng iba't ibang alamat ng Mainit, ito ay magmumula sa iba't ibang barangay na sakop nito. Ito ay mauuri bilang isang naratibong teksto.

Ayon sa Elcomblus (2020), ito ay pagsasalaysay o pagkukuwento ng mga pangyayari sa iasang tao o mga tauhan, nangyari sa isang lugar at panahon o sa isang tagpuan nang may maayos na pagkakasunud-sunod mula umpisa hanggang katapusan. Hango mula sa nalikom na mga bersiyon mula sa mga lokal na nakapanayam, ito ay ihahasa upang bigyan ng angkop na gramatika at pagsasalin sa tekstong anyo. Ang pamamaraan ng interbyu ang siyang ginamit ng mananaliksik at ang estruktura ng interbyu mula sa pag-aaral nina Jong at Jing (2015) na "The Development of Interview Techniques in Language Studies: Facilitating the Researchers' Views on Interviews on Interactive Encounters". Gamit ang pamamaraang interbyu kung saan ang pagkalap ng impormasyon ay pasalita sa kadahilanang ang mga lumad ay kung hindi marunong magsulat ay hirap sa pagsulat dulot ng kababaan ng antas ng kanilang natmong edukasyon. Ang paggamit ng "semi-structured" na interbyu na may nakahandang lista ng mga pasunod na tanong na masagot lamang sa intebyu na ang magsisilbing gabay ng patutunguhan ng pag-uusap ng mananaliksik at ng lumad o lokal. Matapos ang interbyu, susunod ang klasipikasyon ng pag-uuri ng at ang panghuli ay ang pagsasalin nito sa wikang Filipino upang maging akma sa lokalisado at kontekstwaladong babasahin na magagamit sa klase.

Ang mananaliksik ay sumunod sa metodo mula sa aral ni Scarneci-Domnisoru (2013). Ang unang hakbang ay ang pagpapaalam tungkol sa isang sulat ng pakikilahok at kung para saan ang interbyu na isasagawa. Sa interbyu, ipinapaakilala ng manaliksik ang kanyang sarili at magbibigay siya ng paliwanag tungkol sa pakasa upang magkaroon ng ideya ang kanyang tagtugon sa pagsagot ng mga katanungan sa interbyu. Mag-uumpisa sa isang susing tanong ang mananaliksik upang simulant ang naratibo ng kuwento. Sinisiguro na kompotable ang kinakapanayam sa at mahalaga ang pagbibigay ng positibong puna upang ganahan sa pagsasalaysay ang kinakapanayam.

**Impormante at Validator**

Ang mga impormante para sa pananaliksik na ito ay kinabibilangan ng mga mamamayan ng mga baranggay sa bayan ng Mainit, na matatagpuan sa lalawigan ng Surigao del Norte. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang masiguro na ang mga tagtugon ay lokal ng nasabing lugar. Ang mga napiling impormante ng mga barangay na ito ang magbibigay ng mga naratibo na may kaugnayan sa pinagmulan ng kanilang baranggay.

Ang pagpili ng mga impormante ay batay sa kung gaano na sila katagal na naninirahan sa kanilang baranggay at kung lumad sila rito. Dapat na mayroon silang makabuluhang kaalaman at karanasan sa pinagmulan ng kanilang lugar upang masigurado na ang kanilang ibabahaging kuwento ay may tunay na kaugnayan at kahulugan sa pagkakabuo ng kanilang lugar.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ang mga kuwentong nakolekta mula sa mga impormante ay isasasalin sa Filipino ng mananaliksik at susuriin ng mga dalubhasa sa panitikan at kultura.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa mga baranggay sa bayan ng Mainit sa lalawigan ng Surigao del Norte na bahagi ng rehiyon ng Caraga ng Hilagang Mindanao. Mula salumang teritoryo na umiiral sa Hilagang Mindanao na tinawag na "Caraga".

Ayon sa pinakahuling sensus noong taong 2020, ang bayan ng Mainit ay may populasyon na 28,019. Ito ay may kabuuang sukat ng kalupaan na 107.76 kilometro kuwadrado na bumubuo ng 5.52% ng kabuuang sukat ng lalawigan ng Surigao del Norte.

Ang mga unang taong ng Mainit ay nanirahan malapit sa baybayin ng lawa na ngayon ay ang gay ng San Isidro na tinawag noon na “Daang Lungsod” o Dating Bayan. Dahil sa takot sa mga pirata napilitan silang lumipat ang mga unang nanirahan sa ngayon ay kasalukuyang sentro ng bayan.

Ang Mainit ay naging isang bayan sa taong 1906 na sakop ng lalawigan ng Agusan del Norte at naibalik sa lalawigan ng Surigao del Norte bilang isang barangay ng bayan ng Placer. Sa bisa ng ng Executive Order 290, ang Mainit ay naging isang bayan ng lalawigan ng Surigao del Norte noong Enero 1, 1931.

Ayon sa alamat, noong unang panahon ay may naninirahang mga magagandang diwata sa mga kabundukan kasama ng kanilang mga alagang ibon na kung tawagin ay “kalaw”. Matiwasay silang namumuhay sa umpisa ngunit kalaunan dumami ang kanilang mga alagang ibon na naging sanhi ng kaguluhan. Naging maingay ang mga kalaw na siyang ikinagalit ng mga diwata. Naghiwalay ng landas ang mga diwata at “kalaw”.

Isang gabing kabilugan ng buwan, nagpulong ang mga diwata at humiling na mailipat ang kanilang tinitirhang kabundukan sa dati nitong kinalalagyan. Kinuha ng pinakamatanda diwata ang kanyang baston at itinapik sa lupa ng tatlong beses. Sa isang iglap, ang kinatatayuan nilang lupa ay umalsa at lumipad pakanluran papuntang dagat. Ang nabakanteng lugar ay napuno ng tubig mula sa mga ugat ng kabundukan. At ang anyongtubig na nabuo ang sinasabing pinagmulan ng Lawa ng Mainit.




**Figyur 2.a** *(Mapa ng Mainit)*

Hitik sa yamang tubig ang bayan ng Mainit na binubuo ng dalawampu't isang baranggay sapagkat dito matatagpuan ang pang-apat sa pinakamalaking lawa sa Pilipinas, ang Lawa ng Mainit na siyang tirahan ng iba't ibang uri ng isda. Kaya hindi nakapagtataka na pangingisda ang isa sa mga pangunahing kabuhayan ng mga Mainitnon. Ang bayan ng Mainit ay sagana rin sa palay at niyog. Makikita ang malalawak na palayan at niyogan sa bayan na kinukunan ng pangkabuhayan ng mga mamamayan nito.

Ang bayan ng Mainit ay nabibilang sa *"fourth class municipality"* ng Lalawigan ng Surigao del Norte. Ito ay matatagpuan sa hilagang baybayin ng Lawa ng Mainit sa hilagang-silangan bahagi ng Mindanao. Ang Mainit ay hango sa isang mainit na bukal na dumadaloy papuntang ilog, ang "*Mapaso Hot Spring*." Ang salitang "mapaso" na ang ibig sabihin ay mainit.

Ang bayan ng Mainit ay makikita sa katimugang bahagi ng Lalawigan ng Surigao del Norte. Ang hangganan nito sa hilaga ay ang mga bayan ng Sison at Placer. Sa timog nito ay ang bayan ng Alegria at sa silangan nito ang mga bayan ng Tubod at Bacuag. Ang bayan naman ng Malimono sa kanluran nito. Binubuo ito ng 21 barangay na kinabibilangan ng Siana, Dayano, Magpayang, Roxas, Mabini, Silop, Bobonanon, Marayag, Paco, San Jose, Magsyasay, Quezon, San Isidro, Matin-ao, Binga, Cantugas, Tolingo, San Francisco, Mansayao, Tapian at Tagbuyawan.

Ang Mainit ay naging barrio ng Placer taong 1904 at naging isang bayan ng Agusan Province taong 1906. Naging isang ganap na bayan ang Mainit ng probinsiya Surigao del Norte noong ika- 1 ng Enero, 1931 sa bisa ng *Executive Order* 290 na nilagdaan ng dating gobernador, Heneral Dwight F. Davis. Kasalukuyang pinanamumunuan ni Hon. Crisanta O. Mondano ang Mainit.

Nilikom ng mananaliksik ang kanyang mga datos mula sa kanyang piling mga tagatugon na siyang mga lokal na mga kalahok na nakatira sa nasabing mga baranggay. Gumamit ang mananaliksik ng Content Validity na kung saan ang mga datos ay ipinasuri sa bihasa sa larangan ng panitikan upang matiyak ang kahusayan at validasyon ng pag-aaral.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Gumawa ang mananaliksik ng isang panayam gamit ang *semi-structured narrative method of interview* upang makalikom ng mga datos galing sa mga piling local na tagatugon. Gumamit rin siya ng mga batayang aklat bilang karagdaang sanggunian sa pagkalap ng mga datos. Lumikha ng talatanungan o kwestyuner ang mananaliksik upang matugunan ang mga hakbang sa pag-aaral na ito. Ang unang hakbang ay ang pagpapasagot at pagpapaalam sa sulat ng pakikilahok. Kasunod nito ay ang pagtatanong gamit ang ginawang kwestyuner ukol sa personal na mga impormasyon. Pagkatapos nito ay ang katawan ng pananaliksik kung saan ang mga tanong ay may kaugnayan sa nalalaman na bersyon ng mga lokal ng kuwentong bayan. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang masiguro na ang mga tagtugon ay lokal ng naturang lugar.

**Paraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Ang hanay na ito ay naglalaman ng instrumentong ginamit, paraan ng paglilikom ng datos at pamamaraan ng sampling. Ang pag-aaral na ito ay inihahati sa tatlong pangunahing hakbang.

**Unang Hakbang**. Tinukoy ng mananaliksik ang mga "landmark" na tanyag ng bawat baranggay ng Mainit. Pagkatapos ng lugar ay ang pagtukoy ng kakapanayamin na lokal na pumayag na interbyuhin.Gumamit ng convenience sampling sa pagpili ng mga kalahok. Pagkatapos matukoy ang lugar at tao, ay gagawa ng kwestyuner ang mananaliksik na magiging batayan sa pagtatanong. May mga tanong tungkol sa personal na impormasyon ng kakapanayamin para sa pagtatala, tungkol sa kuwentong bayan ng kanilang barangay, kalian nila ito narinig at kanino nanggaling, at ano ang pangunahing tema at sariling interpretasyon sa kuwentong bayan na nalaman.


**Ikalawang Hakbang**. Ang pagsasagawa ng interbyu sa mga kakapanayaming local na mga tagatugon. Ang mananaliksik ay pupunta sa lugar ng mga tagatugon at ire-record ang interbyu gamit ang "cellphone" o "voice recorder". Itatala ng mananaliksik ang mahahalagang detalyeng makokolekta.

**Pangatlong Hakbang**. Ito ay ang paglilinis ng datos o pag-aanalisa. Gamit ang "voice recording" isasalin sa Filipino ang mga kuwentong bayan na nalikom at uuriin ito ayon sa uri ng kuwento. Pagkatapos ito ay gagawan ng implikasyon ng mananaliksik.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sinusuri ng mananaliksik ang mga alamat na nalikom mula sa mga lokal na tagatugon na nakatira sa mga barangay ng bayan ng Mainit.

Kinalap ng mananaliksik ang alamat ng bawat baranggay, ang klasipikasyon sa bawat kuwento na sumasalamin sa kultura ng mga tao sa nasabing lugar.




**Figyur 3.** Paraan ng Pangangalap ng Datos

**KABANATA 3**
**PRESENTASYON AT PAGTALAKAY NG MGA DATOS**

Napapaloob sa kabanatang ito ang paglalahad ng mga datos batay sa nakalap na datos ng mananaliksik ng mga alamat ng mga barangay ng Mainit mula sa mga napiling tagatugon. Sa paglalahad ng mga nakalap na datos mula sa mga alamat, ang mananaliksik ay gumamit ng mga talahanayan upang maging batayan ng pagbibigay kasagutan sa mga suliraning inilalahad sa kanyang pananaliksik. Binigyan ng pokus ang pagtalakay sa mahahalagang suliranin sa pananaliksik.

**Suliranin 1: Ano- ano ang mga uri ng kuwento ng mga alamat ng mga barangay ng Mainit, Lalawigan ng Surigao del Norte?**

Ang talahanayan sa iba ay naglalaman ng mga alamat ng mga barangay ng Mainit, Lalawigan ng Surigao del Norte.

**Talahanayan 1.** Mga Alamat ng mga Baranggay sa Bayan ng Mainit

| Bilang | Pamagat | Uri |
|---|---|---|
| 1 | Alamat ng Siana | Etimolohikal |
| 2 | Alamat ng Dayano | Etimolohikal |
| 3 | Alamat ng Magpayang | Etimolohikal |
| 4 | Alamat ng Silop | Etimolohikal |
| 5 | Alamat ng Bobonaon | Etimolohikal |
| 6 | Alamat ng Paco | Etimolohikal |
| 7 | Alamat ng Marayag | Etimolohikal |
| 8 | Alamat ng San Jose | Etimolohikal |
| 9 | Alamat ng Mabini | Etimolohikal |
| 10 | Alamat ng Roxas | Etimolohikal |
| 11 | Alamat ng Quezon | Etimolohikal |
| 12 | Alamat ng San Isidro | Etimolohikal |
| 13 | Alamat ng Matin-ao | Etimolohikal |
| 14 | Alamat ng Binga | Etimolohikal |
| 15 | Alamat ng Cantugas | Etimolohikal |
| 16 | Alamat ng Tolingon | Etimolohikal |
| 17 | Alamat ng San Framcisco | Etimolohikal |
| 18 | Alamat ng Mansayao | Etimolohikal |
| 19 | Alamat ng Tagbuyawan | Etimolohikal |
| 20 | Alamat ng Tapian | Etimolohikal |

Makikita sa talahanayan ang iba't ibang alamat ng mga barangay ng Mainit. Ang mga alamat na ito ay nabibilang sa etimolohikal na alamat. Ito ay isang uri ng alamat na nagpapaliwanag kung paano nagkaroon ng pangalan ang isang lugar, tao, o bagay. Karaniwang kinapalooban ng mga kuwento ng alamat ang mga salaysay tungkol sa sa mga sianaunang tao, diyos, mga hayop,o mga kakaibang pangyayari na nagbigay-daan sa pagkakabuo ng isang pangalan.

Halimbawa ang Barangay Tapian, ay nagmula sa salitang "tapi" na ang ibig sabihin ay hindi pantay ang pagkakagupit ng buhok. Gayundin ang Barangay Siana na kinuha sa "Marciana" na pangalan ng isang mapagbigay na babae na naninirahan dito at siyang nagmamay-ari ng napakalaking lupain sa nasabing lugar.

Nariyan din ang alamat ng Barangay San Francisco na mula sa pangalan ni Lt. Francisco V. Canuto na siyang unang nagtatag ng lugar na pinangalanan niyang "Hacienda".

Ang alamat ng Barangay Paco at Barangay Cantugas na hango ang mga pangalan sa mga halaman. Ang "pako" na isang uri ng halamang *fern* na bumabalot sa kanilang paligid at ang "tugas" na isang uring ng punong kahoy na makikita nakatanim noon sa kagubatan ng nasabing barangay.

Sa pamamagitan ng mga alamat na ito natutukoy natin ang pinagmulan ng mga pangalan ng mga barangay at mas nabibigyang halaga ang mga kultura at tradisyon ng mga sinaunang tao na nagkaroon ng napakalaking bahagi sa pagkakabuo ng mga barangay ng Mainit. Sumisimbolo ito sa pagkakilanlan ng pagiging isang Mainitnon, ng pagiging isang Pilipino.

**Suliranin 2: Ano-ano ang tulong ng mga alamat sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa elementarya?**

Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya bilang bahagi ng K-12 Curriculum. Sa paggamit ng mga alamat ng baranggay ng Mainit bilang kagamitang pampagtuturo nagdudulot ito mabuting resulta sa proseso ng pagturo-pagkatuto ng guro at mag-aaral.

**Positibong Epekto sa Mga Mag-aaral at Guro.** Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga alamat napapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral. Binubuksan nito ang pintuan para sa mga bagong impormasyon at kaalaman. Napapalakas ang kanilang imahinasyon sa paglikha ng mga imahe at karanasan sa pagbabasa. Nakatutulong din ito para

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

mapalawak ang bokabolaryo ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapakilala sa kanila ng mga bagong salita at kahulugan. Bukod dito, napapaunlad sa kanila ang kakayahang pang-komunikasyon. Mas nasasanay ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang saloobin at ideya. Nakakatulong din ang pagbabasa ng mga alamat sa pag-antig ng emosyon at empatiya. Nararamdaman nila at nauunawaan ang iba't ibang emosyon at perspektiba. Napapalakas din nito ang memorya at pokus ng mga mag-aaral sa pagbabasa nila ng mga alamat. Sa kabilang dako, ang pagbabasa ay isang paraan ng pagtangga ng stress. Nakapagpahinga ang pisikal na katawan at humuhupa ang stress mula sa araw araw na gawain.

Sa paggamit ng mga alamat bilang kagamitang pampagtuturo nakatutulong ito na mapukaw at makuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pagtalakay ng mga aralin. Sa paggamit ng kakaibang paraan, mas naeengganyo ang mga mag-aaral na makilahok sa mga gawain sa klase. Nabibigyan ng pagkakataon ang mga guro na maipakita ang mga pagpapahalaga at moralidad sa pamamagitan ng mga kuwento ng kabayanihan at mga aral mula sa alamat.

**Pagpapahalaga sa Kultural na Pagkakilanlan at Pambansang Kamalayan.** Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga alamat, napapalawak ang pang-unawa sa kultural at tradisyon ng isang bansa. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kasamahan at magbahagi ng mga kuwento at aral mula sa alamat. Dagdag pa ang mga alamat ay maaaring magdulot ng pagkakaisa at pagkakapantay-panaty sa lipunan sa pamamagitan ng pagpapalaganap nito na nagbibigay-diin sa pakikipagtulungan at pagtanggap sa iba't ibang uri ng tao na naging bahagi sa pagkakabuo at pag-unlad ng isang komunidad.

Bukod dito, ang mga alamat alamat ay nagpapalaganap ng pambansang kamalayan sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa kasaysayan at pagkakakilanlan ng bansa. Sa paglalarawan ng mga pangyayari ng nakaraan, naipapakita ng alamat ang yaman ng kultura at ugnayan ng ng mga Pilipino sa kanilang kasaysayan. Ito ay nagpapalakas ng pagmamalaki sa sariling lahi at pagpapahalaga sa pambansang pagkakakilanlan.

**Pagpapalaganap ng WikaNG Filipino.** Maraming mga alamat ang itinatangi bilang pamana ng wika. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral ng mga alamat, ang mga tao ay nakatutulong sa pagpapalaganap at pagpapalalim ng sariling wika na bahagi ng kultura. Ang pagpapasa ng ng mga kuwento sa susunod na henerasyon nagtutulak sa patuloy na paggamit at pag-unlad ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga karakter na gumagamit ng wikang Filipino sa kanilang pang-araw araw na buhay, nagiging mas malapit at personal sa mga tagpakinig ang kahalagahan ng wika bilang kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan.

Ang mga alamat ay naglalaman ng mga salita at ekspresyon na sumasalamin sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa paglalarawan ng mga paniniwala, ritwal at akugalian, napapalalim at napapalawak ang pag-unawa ng mga tagapakiknig sa kanilang sariling kultura at pagkakilanlan. Sa prosesong ito, ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon, kundi pati na rin isang daan tungo sa pag-unawa at pagpapalaganap ng kultura. Ipinapakita ng mga alamat na ang wikang Filipino ay hindi lamang basta midyum ng komunikasyon kundi isang kayamanan na dapat ipagmalaki at ingatan.

Sa kabuuan, ang mga alamat ay nagiging daan upang mapalaganap ang wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahalagahan nito sa buhay ng mga Pilipino, pagpapalalim sa pag-unawa ng kulturang Pilipino at pagpapalakas sa pagpapahalaga ng sarilin wika.

**Suliranin 3: Anong mga kompetensi sa DepEd ang nalilinang sa mga mag-aaral sa elementarya gamit ang mga alamat ng mga barangay ng Mainit?**

Nakasaad sa Most Essential Learning Competencies (MELCS) ng K-12 Curriculum ang mga kompetensi o mga kasanayan na dapat malinang ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at sa iba pang mga asignatura. Ang paggamit ng mga alamat ng mga baranggay ng Mainit ay inaasahang makatutulong upang mapahusay at mapabilis ang paglinang ng mga kompetensi o kasanayang ito ng mga mag-aaral. Ang mga kompetensi ay isinaayos ng naaayon sa asignatura at baitang ayon sa MELCs.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Talahanayan 2.** Mga Kompetensi Ayon Sa MELCs na Nalilinang sa mga Mag-aaral Gamit ang mga Alamat ng mga Barangay ng Mainit

| MGA KOMPETENSI SA ARALING PANLIPUNAN | | |
|---|---|---|
| **Baitang** | **Markahan** | **Kompetensi** |
| I | 3 | Nabibigyang halaga ang pagkakakilanlang kultural ng komunidad |
| III | 3 | a. Nailalarawan ang pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon<br>b. Nailalarawan ang kultura ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon<br>c. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng makasaysayang lugar at mga saksi nito sa pagkakakilanlang kultura ng sariling lalaigan at rehiyon<br>d. Napahahalagahan ang iba't ibang pangkat ng tao sa lalawigan at rehiyon<br>e. Naihahambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga kaugalian, paniniwala at tradisyon sa sariling lalawigan sa karatig lalawigan sa kinabibilangang rehiyon at sa ibang lalawigan at rehiyon |
| IV | 4 | Natatalakay ang konsepto ng pagkamamamayan |
| V | 1 | a. Naipaliliwanag ang pinagmulan ng Pilipinas batay sa a. Plate Tectonic Theory,b. Mito, c. Relihiyon<br>b. Natatalakay ang pinagmulan ng unang pangkat ng tao sa Pilipinas<br>c. Nasusuri ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino sa panahon ng pre-kolonyal<br>d. Nasusuri ang sosyo-kultural at political na pamumuhay ng mga Pilipino (sosyo-kultural/political) |

| MGA KOMPETENSI SA EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | | |
|---|---|---|
| **Baitang** | **Marka** | **Kompetensi** |
| II | 2 | Nakapagbabahagi ng pasasalamat sa tinatamasang karapatan sa pamamagitan ng kuwento |
| III | 4 | Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba tungkol sa Diyos |
| IV | 3 | a. Nakapagpapakita ng kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga pamanang kultural material at di-materyal<br>b. Naipagmamalaki/napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng kuentong-bayan, katutubong saya, awit, laro at iba pa |
| | 4 | Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay at mga material na bagay |
| V | 4 | Nakapagpapakita ng iba't ibang paraan ng pasasalamat sa Diyos |
| VI | 4 | Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad |

| MGA KOMPETENSI SA FILIPINO | | |
|---|---|---|
| **Baitang** | **Markahan** | **Kompetensi** |
| I | 2 | a. Nakapagtatanong tungkol sa isang kuwento<br>b. Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari<br>c. Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang alamat/teksto<br>d. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan at pamatnubay na tanong |
| | | a. Naibibigay ang susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento<br>b. Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento<br>c. Nailalarawan ang damdamin ng isang tauhan sa kuwentong napakinggan<br>d. Naipahahayag ang sariling |

IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

| | | |
|---|---|---|
| | 3 | ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa kuwento<br>e. Naiuugnay ang sariling karanasan sanapakinggang kuwento |
| | 4 | Natutukoy ang simula ng pangungusap, talata at kuwento |
| II | 1 | a. Nasasabi ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa alamat<br>b. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasang alamat |
| | 2 | a. Nagagamit ang personal na karanasan sa paghinuha ng mangyayari sa nabasa/ napakinggang kuwento<br>b. Naibibigay ang susunod na mangyayari sa kuwento batay sa tunay na pangyayari<br>c. Naipahahayag ang sariling ideya/<br>damdamin o reaksyon sa napakinggan/nabasang alamat<br>d. Naisaslaysay muli ang binasang teksto nang may wastong pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan at pamatnubay na tanong at story grammar |
| | 3 | a. Nailalarawan ang mga tauhan s napakinggang teksto batay sa kilos, sinabi o pahayag<br>b. Naiuugnay ang sariling karanasan ang nabasang teksto |
| | 4 | Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto, talata at kuwento |
| III | 1 | a. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento |
| | | b. Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento(tauhan, tagpuan, banghay)<br>c. Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas<br>d. Nakabubuo ng isang kuwentong katumbas ng napakinggang kuwento |
| | 2 | a. Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento<br>b. Naikokompara ang mga kuwento sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba |
| | 3 | a. Nasasabi ang paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay<br>b. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto |
| | 4 | a. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan<br>b. Naibibigay ang paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan |
| IV | 1 | a. Natutukoy ang mga element ng kuwento (tagpuan, tauhan, banghay)<br>b. Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento-simula-kasukdulan-katapusan<br>c. Nasasagot ang mga tanong mula sa napakinggan at nabasang kuwento<br>d. Nakasusulat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan |
| | 2 | a. Nasasagot ang mga tanong mula sa napakinggan at nabasang alamat<br>b. Nakapagbibigay ng ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa napakinggang teksto<br>c. Naibibigay ang paksa sa napakinggang teksto<br>d. Nakasusulat ng timeline tungkol sa pangyayari sa nabasang teksto<br>e. Nailalarawan ang element ng kuwento(tapuan, tauhan, banghay, pangyayari)<br>f. Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos, ginawi , sinabi at naging damdamin |
| | 3 | a. Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos, ginawi, sinabi at<br>naging damdamin<br>b. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa napakinggang teksto<br>c. Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto<br>d. Nabibigyan ng angkop na pamagat ang talatang binasa<br>e. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita<br>f. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan sa pamamagitan ng paggamit ng una, pangalawa,<br>sumunod at panghuli |
| | 1 | a. Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto |


DOI: 10.48175/IJARSCT-19409
ISSN 2581-9429 IJARSCT

| | | |
|---|---|---|
| V | | b. Nasasagot ang mga tanong sa binasa/napakinggang kuwento at tekstong pang-impormasyon<br>c. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita<br>d. Naibibigay ang paksa ng napakinggang kuwento/usapan |
| | 2 | Naibibigay ang paksa/layunin ng napakinggang kuwento<br>b. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa isang talata at tekstong napakinggan |
| | 3 | a. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan (kronolohikal na pagsusunod-sunod<br>b. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto |
| | 4 | a. Nakakagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula sa tekstong napakingga<br>b. Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakingganc. Naibibigay ang mahahalagang pangyayari |
| VI | 1 | a. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang/nabasang pabula,kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan<br>b. Nasasagot ang tanong na bakit at paano<br>c. Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at pamatnubay na tanong<br>d. Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari bago, habang at matapos ang pagbasa<br>e. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang/napakinggang talata<br>f. Nakasusulat ng kuwento; talatang nagpapaliwanag at nagsasalaysay |
| | 2 | a. Naibibigay ang maaaring mangyari sa tekstogamit ang dating karanasan/kaalaman<br>b. Nailalarawan ang tauhan batay sa damdamin nito at tagpuan sa binasang kuwento<br>c. Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari |
| | 3 | a. Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan<br>b. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan<br>c. Nakakakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pahapyaw na pagbasa |
| | 4 | a. Nasusuri ang pagkakaiba ng kathang isip at di-kathang isip na teksto (fiction at non-fiction)<br>b. Nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari / problema-solusyon |

Makikita sa talahanayan na ang paggamit ng alamat bilang kagamitang pampagtuturo ay nakapaglilinang ng mga kompetensi o kasanayan ng mga mag-aaral mula una hanggang ikaanim na baitang sa elementarya sa iba't ibang markahan.

Sa paglalapat ng integrasyon sa pagtuturo, ang paggamit ng alamat bilang kagamitang pampagtuturo ay hindi lamang eksklusibo sa asignturang Filipino kundi sa iba pang larangan ng disiplina. Sa larangan ng Araling Panlipunan, nabibigyang-linaw ang pinagmulan ng kultura at aydentidad ng isang lugar. Ito ay nagbubukas ng mga pinto sa nakaraan at makatutulong sa pagpapalalim ng pag-aaral ng kasaysayan nito. Sa Edukasyon sa Pagpapakatao, ang paggamit ng mga alamat ay nagbibigay-diin sa pagpapahalaga sa mga moral na aral at etika. Ang mga tauhan at pangyayari sa alamat ay naglalarawan ng mabubuting ugali at katangian na dapat tularan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kuwentong ito, ang mga mag-aaral ay naipapakita ang pagpapahalaga tulad ng pagiging matapat, mapagmahal, amtulungin, at disiplinado at pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran.

Ang paggamit ng mga alamat sa asignaturang Filipino ay nagpapalalim sa pag-unawa sa panitikang Pilipino. Natututunan ng mga mag-aaral ang mga salita at ekspresyon na katutubo sa ating kultura. Natutukoy din ang mga elemento at estruktura ng kuwento. Nabibigyan ng pagkakaton ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang kasanayan sa pagsasalaysay at pagsasalin sa wikang Filipino at pagbabahagi ng kanilang sariling karanasan na hango sa mga alamat.

IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng mga alamat bilang kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong para malinang ang mga kasanayan na dapat matutunan ng mga mag-aaral sa elementarya.

## KABANATA 4
## BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod ng pag-aaral, konklusyon at rekomendasyon na nabuo ng mananaliksik mula sa kanyang pag-aaral at ang rekomendasyon ay nabuo mula sa konklusyon ng pag-aaral.

### BUOD

Ang pag-aaral na ito na ay pinamagatang "ALAMAT NG MGA BARANGAY SA BAYAN NG MAINIT BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO SA ELEMENTARYA". Ito ay naglalayong ipakita ang halaga ng mga lokal na alamat bilang bahagi ng kultura at pagkakilanlan ng isang barangay, pati na rin ang kanilang potensyal na maging kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pagtuturo ng wikang Filipino at kultura sa mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay naglalaman ng pagsusuri at pagtalakay sa iba't ibang alamat mula sa mga barangay ng Mainit, isang halimbawa ng komunidad sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga alamat na ito, bibigyang-diin ang mga katangian ng alamat bilang isang anyo ng panitikan at magamit bialng isang epektibong kagamitang pampagtuturo.

Ang mga kuwentong nakalap ng mananaliksik ay nabibilang sa etimolohikal na alamat sapagkat ito ay nagpapaliwanag kung paano nagkaroon ng pangalan ang isang lugar. Natuklasan ng mananaliksik na ang pinagmulan ng mga pangalan ng mga barangay ng Mainit ay hango sa mga sa mga halaman na makikita sa paligid, sa mga tao na nagtataglay ng kakaibang katangian at mga mahahalagang kaganapan sa mga barangay na ito.

Sa paggamit ng mga alamat ng mga barangay ng Mainit, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng malalim na pag-unawa sa pinagmulan ng kanilang barangay at ang lubos na paggalang sa mga katutubo na siyang unang nanirahan sa Mainit. Maliban dito mas mapapahusay pa ang kanilang macrong kasanayan sa asignaturang Filipino na nakaangkla sa *Most Essential Learning Competencies* o *MELCs* ng *K-12 Curriculum* ng *DepEd.*

Ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong deskriptiv o palarawan gamit ang interbyu para makakuha ng datos o impormasyon mula sa mga tagatugon na pinili sa pamamagitan ng purposive at convenience sampling.

### KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay matagumpay na ipinakita ang kahalagahan ng paggamit ng local na kultura at kasaysayan bilang isang epektibong paraan ng pagtuturo ng wika at pagpapalalim ng pag-unawa sa pagkakilanlan ng at kahalagahan ng sariling kultura sa mga mag-aaral sa elementarya. Sa pamamagitan ng paggamit ng alamat ng mga barangay ng Mainit, natatangi ang pagkakataon na hikayatin ang mga mag-aaral na magbukas ng kanilang puso at isipan sa mga kuwentong nagbibigay-diin sa mga halaga ng pagmamalasakit sa kapwa, pagkakaisa, at pagpapahalaga sa sariling kultura at tradisyon.

Sa kabuuan, ang pag-aara na ito ay nagpapakita ng potensyal ng paggamit ng local na literature at kasaysayan bilang kapaki-pakinabang na kagamitan sa pagtuturo ng wika at pagpapalalim ng pagpapahalaga sa sariling kultura sa mga mag-aaral sa elementarya.

### REKOMENDASYON

Bilang rekomenasyon para sa pag-aaral na may pamagat na "Alamat ng mga Barangay sa Bayan ng Mainit Bilang Kagamitang Pampagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Elementarya," may ilang mahahalagang hakbang na maaaring isagawa upang mapalawak at mapabuti ang pag-aaral:

**1. Pagsasagawa ng Karagdagang Panaliksik**. Inererekumenda ang pagsasagawa ng karagdagang pag-aaral upang masaliksik pa ang potensyal ng alamat ng mga barangay ng mainit bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Maaaring isagawa ang maslalim na pagsusuri sa iba't ibang mga alamat, kasama na ang kanilang ugnayan sa mga pangunahing konsepto at kasanayan sa Filipino na itinuturo sa antas elementarya.

**2. Pagsasanay sa mga Guro**. Mahalaga ring maglaan ng sapat na pagsasanay at pagpapalakas ng kasanayan sa paggamit ng mga alamat bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng mga seminar, worksyap, at iba pang mga aktibidad na naglalayong mapalakas ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo gamit ang local na literatura.

**3. Pagsusuri sa Pag-unlad ng Mag-aaral.** Gawan ng pagsusuri ang mga datos at resulta ng mga pagsubok o aktibidad na may kaugnayan sa paggamit ng alamat bilang kagamitang pampagtuturo. Alamin kung paano ito nakaaapekto sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pag-unawa at paggamit ng wikang Filipino.

**4. Pagsasalin ng Alamat sa Iba't Ibang Midya.** Subukang isalin ang mga alamat sa iba't ibang midya tulad ng mga larawan, video, o musika. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng iba't ibang karanasan sa pag-aaral at pag-unawa ng mga alamat.

**5. Pagpapaunlad ng mga Aktibidad sa Pagsasalaysay.**Itulak ang paggamit ng mga alamat bilang inspirasyon sa pagbuo ng mga orihinal na kuwento o paggawa ng mga dula na may kaugnayan sa mga karanasan at kultura ng mga estudayante.

**Pasasalamat**

Lubos ang aking pasasalamat sa lahat ng naging bahagi ng pag-aaral na ito. Unang-una, sa Panginoong Diyos, na nagbigay ng lakas at talino upang maisakatuparan ang gawaing ito. Sa aking asawa, Algie P. Perocho, at anak na si Lurrd Nic Anngielo C. Perocho, na nagsilbing inspirasyon at patuloy na sumuporta, lalo na sa pinansyal at emosyonal na aspeto.

Sa aking mga kapatid, Annalyn, Luis, Louveto, at Sean Paul, at sa aking mga magulang, Luis at Remedios, para sa moral na suporta. Sa aking tagapayo, Dr. Gemma R. Escultor, sa walang sawang paggabay, pagtitiwala, at pang-unawa. Sa mga panel na sina Dr. Gregorio Z. Gamboa, Jr., Dr. Merlyn L. Estoque, Gng. Pilmore M. Causing, at Dr. Rosario B. Dizon, sa kanilang mga mahalagang input.

Sa mga Punong Barangay at Municipal Planning Office ng Mainit, Surigao del Norte, sa pagtulong sa pagkalap ng impormasyon. Sa mga kaibigan at kasamahan, lalo na kina G. Nick Mondano at Gng. Rosiemalinda M. Galgo, para sa kanilang mga suhestiyon. Maraming Salamat Po! Mabuhay Kayo!

## TALASANGGUNIAN

[1] Abrahams, M.H. Theories of Literacy Criticism: An Outline. 26 September 2015.

[2] Aguinaldo Jr, C., & Domingo, A. (2021). Design, development and implementation of contextualized learning materials in grade 7 mathematics. Academia Letters, 1.

[3] Amirul, F. B. (2021). Teaching Filipino Using Spiral Progression Scheme and the Implication to Student's Performance in MSU-Sulu Laboratory High School. International Journal of Research in Engineering, Science and Management, 4(8), 234-238.

[4] Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, Saligang Batas ng 1987, Artikulo 14, Seksyon 16 (1987).

[5] Base, A., De Guzman, A., Killa, M., Lumbiag, R., Lunag, J., Pascaden, P., Sebullen, M. (2023). Salik sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya: Isang Pagsusuri sa Lungsod ng Baguio. Cognizanca Journal of Multidisciplinary Studies 3(1), 9-18.

[6] Bausch, W. (1999). Storytelling: Imagination and Faith.

[7] Bello, J., Concon, L., Polache, M. C. C., Ayaton, M. J., Manlicayan, R., Campomanes, J., & Saro, J. (2023). Contextualized and Localized Science Teaching and Learning Materials and Its Characteristics to Improve Students' Learning Performance. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 7(1), 77-84.

[8] Cardona Orozco, W. (2023). Contextualization of Class Material to Promote Meaningful Learning.

[9] Casanova, Arthur et. al. (2005) Panitikang Filipino, Manila: Rex Book Store, (p. iii)

[10] Dahal, H., & Bhatta, B. (2021). Folktales: A Moral Message from the Past to the Future Generation. Nepal Journal of Multidisciplinary Research, 4(1), 31-43.

[11] Flores, G. T. (2021). The Use of Contextualized Instructional Materials (CIMs) in Teaching Social Studies among Primary Grade Learners. International Journal of Science and Research. DOI 10.

**[12]** Godwin-Jones, R. (2018). Contextualized vocabulary learning. Language Learning & Technology, 22(3), 1–19. https://doi.org/10125/44651

**[13]** https://www.icnl.org/wp-

**[14]** https://www.slideshare.net/tunaynapinay/maikling-kwento-44078104

**[15]** Ikromovna, T. M. (2022). USE OF FOLKTALES IN ENGLISH LESSONS. POLISH SCIENCE JOURNAL, 88.

**[16]** Mantra, I. B. N., & Maba, W. (2018). Enhancing the EFl learners' speaking skill through folktales-based instruction. In SHS Web of Conferences (Vol. 42, p. 00017). EDP Sciences.

**[17]** Mystic, CT: Twenty-Third Publications, 1999

**[18]** Nyoman, M. I. B., & Gana, K. D. G. A. (2018). FOLKTALES AS MEANINGFUL CULTURAL AND LINGUISTIC RESOURCES TO IMPROVE STUDENTS'READING SKILLS. Lingua Scientia, 25(2), 83-88.

**[19]** Official Gazette (2013). Implementing Rules and Regulations of the Enhanced Basic Education Act of 2013. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/09/04/irr-republic-act-no-10533/

**[20]** Panlaqui, J. D. D., & Tayag, J. B. The Use of Contextualized Instructional Materials in Teaching Philippine Literature.

**[21]** Reyes, J., Insorio, A. O., Ingreso, M. L. V., Hilario, F. F., & Gutierrez, C. R. (2019). Conception and application of contextualization in mathematics education. International Journal of Educational Studies in Mathematics, 6(1), 1-18.

**[22]** Rivera, G. M., & Sanchez, J. M. P. (2020). Use of contextualized instructional materials: The case of teaching gas laws in a public uptown high school. Orbital: The Electronic Journal of Chemistry, 276-281.

**[23]** Sanaysay Editorial Team, May 27, 2023 https://www.sanaysay.ph/ano-ang-alamat/

**[24]** Sayeef, A. H. M. E. D. (2019). Teaching English language using popular folk tales in Bangladesh. International Journal of Literature, Linguistics and Language Teaching, 1(1), 1-8